
Videos Photos Radio 24 Oras Saksi SONA YouScoop Public Affairs News TV Contact Us

September 25, 2013 | 10:18am PHL Time

The Go-To Site for Filipinos Everywhere Search Job Classifieds Biz Classifieds

GMA Network ▼ Home News Ulat Filipino Sports Economy SciTech Pinoy Abroad Showbiz Lifestyle Opinion Humor Weather







Opinion

# Si Pepe at si Andres: Kailangan bang laging pagsabungin?

Ni Xiao Chua December 30, 2012 1:37pm

Recommend 351 0

**Tags:** Rizal

Sa paggunitang ika-116 na taon ng pagbaril kay Dr. José Rizal sa Luneta de Bagumbayan, Disyembre 30, 1896, muling napag-uusapan ng iba ang lumang isyu ng kung nararapat bang gawing National Hero si Rizal.
Hindi naman daw sumang-ayon si Pepe sa himagsikan ng bayan laban sa mga Espanyol na sinimulan ni Gat Andres Bonifacio na nagpalaya sa bayan mula sa 300 taong pananakop ng mga Espanyol.

Sa kabilang panig naman, may mga nagsasabi naman na mas gusto nila si Rizal sapagkat “peaceful” ang nais nitong daan, ang edukasyon ng bayan, habang si Bonifacio naman ay “violent.” Tila pinagsasabong lagi ang dalawang itinuturing na pangunahing bayani ng bansa.

Kamakailan lamang, ang batikang historyador na si Zeus A. Salazar, na nagsusulong rin ng “Sikolohiyang Pilipino,” ay nagbigay ng isang lektura na nagpapaliwanag at naghahambing sa naging kilos ng dalawa batay sa kanilang sosyo-kultural na konteksto bilang mga Pilipino na nabuhay noong panahong patapos na ang kolonyalismong Espanyol sa Pilipinas.

Hindi madalas banggitin ng mga historyador ang katotohanan na si Rizal ay bunsong lalaki, ang atensyon ng mga kapatid at magulang ay sa kanya nakatuon, nagkaroon ng yaya at walang kapanagutan sa loob ng pamilya ay maaaring nagkaroon ng epekto sa kanyang pag-aalinlangan na magkaroon ng kongkretong pagsama sa himagsikan.

Habang si … mga paa, nag-aral sa kanyang sarili at tu… apagpapasya sa himagsikan.
Ayon pa k… ang pagiging maramdamin nito (emo) dahil sanay na “pagparayaan/ arugain” at masunod ang kagustuhan habang si Bonifacio bilang panganay ay “mapag-aruga” at “mapagparaya,” na makikita sa pagpaparaya niya na gamitin na lamang ang isinulat na Kartilya ng Katipunan ng nakababatang si Emilio Jacinto kaysa ang kanya.

Si Rizal din bilang bunso ay nangailangan ng mga kuya *figures* tulad ng kuya at *mentor* niyang si Paciano at ang kanyang BFF at *“soul-mate”* na si Ferdinand Blumentritt habang si Bonifacio bilang panganay ay hindi sanay sa suwayin ang kanyang kautusan at kinailangan ang agapay ng mga nakababatang kapanalig sa laban, muli sa kaso ni Emilio Jacinto at maging ng kabiyak niyang si Gregoria de Jesus.

Sa buong buhay at mga isinulat ni Rizal, bagama't konsistent sa pagmamahal sa bayan, makikita ang kanyang pabago-bagong tindig kung nararapat bang humingi ng reporma at maging bahagi lamang ang Pilipinas ng Espanya at kung minsan naman ay sinasabi niyang mali ang Hispanisasyon at sa bandang huli ay dapat na rin tayong humiwalay dito.

Maging ang kanyang pananaw sa marahas na pag-aaklas ay pabago-bago: Nagpayo siya nang ibayo pang kahandaan at paghingi ng tulong sa mga mayayaman kay Pio Valenzuela sa Dapitan nang konsultahin siya ukol sa himagsikan. Kinondena naman niya ito sa isang manifesto na isinulat niya para sa ilang mga Pilipino noong 15 Disyembre 1896 at pinuri naman ang mga rebolusyunaryong nasa larangan ng labanan na nagbubuwis ng buhay para sa bayan sa kanyang huling paalam.

Ayon kay Salazar, ito ay maiuugat din sa kanyang konsteksto, “Bilang panggitnang anak, maaaring pabago-bago ang kanyang pasya…” Habang si Bonifacio bilang panganay ay “kadalasan iisa ang pasya matapos ang masusing analisis ng sitwasyon.”

Interesante na makita ang ganitong mga pananaw na hindi gaanong lumilitaw sa mga usap-usapan. Lumiliwanag ang kanilang pagkakaiba. Ngunit interesado din ako na makita na sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang pagkatao, pagpapasya at naging pagkilos, may makikitang nagkakaisang

## Related Stories

- Museo ng Katipunan opens for Supremo's sesquicentennial
- The case for Andres Bonifacio as the first Philippine president
- Katipunan Museum in San Juan to open on Aug. 27
- Aileen Lanuza invokes queries in 'The Interrogation of Maria Clara' at Galerie Joaquin on August 8
- Andres Bonifacio, dapat nga bang itanghal bilang unang presidente?

More Opinion Stories

## Top Stories

- **2000 families flee from military-BIFF clashes in Cotabato**
- Misuari holed up in Sulu, ARMM gov says
- Two landslide sites in Subic to be declared permanent danger zones
- House ratifies bill postponing SK elections

advertisement




## Related Videos


**News to Go:** Mga lumikas na residente sa San Mateo, Rizal, hindi na kasya sa evacuation centers


**Unang Balita:** San Mateo, Rizal, nasa ilalim pa rin ng state of calamity


**Balitanghali:** Baha sa ilang lugar sa Rizal, unti-unting humuhupa

**Balitanghali:** State of calamamity, idineklara sa San Mateo, Rizal

diwa ito at marahil, ito ang aral na maaari nating mapulot kay Pepe at Andres.

Sabi ng iba, dahil si Rizal ay naglalayon lamang na gawing bahagi ng Espanya ang Pilipinas, wala siyang konsepto ng bansa. Na siya rin ay sulat lamang ng sulat at hindi naman talaga nagtangkang kumilos. Ngunit ipinunto ni Floro Quibuyen sa kanyang aklat na A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism na mayroong konsepto ng bansa si Rizal, at sa kanyang pag-uwi sa Pilipinas noong 1892, nais niya itong gawan ng aksyon. Noong 3 Hulyo 1892, itinatag niya ang La Liga Filipina, na ayon sa saligang batas nito ay may mga layunin na pagkaisahin ang buong kapuluan upang maging "one compact, vigorous, and homogeneous body."

Ano ang tinutukoy niya rito na katawan na mas mataas pa sa tinatatag nilang samahan? Ano ba ito kung hindi ang bansa na, ayon pa sa saligang batas nito ay nagbibigay ng proteksyon at paglingap sa bawat isa, pagtatanggol sa lahat ng karahasan at kawalang-katarungan, pagtuturo at pagpapaunlad sa kabuhayan ng bawat isa! Dito ipinakita ni Rizal na ang mabuting lipunan at mabuting bansa ay nagsisimula sa mga sangay ng Liga, sa grassroots, o mula sa mga mabubuting gawa ng bawat isa sa atin.

Samakatuwid, ang pagkabansa ay nagsisimula sa ating mga puso, na nais nating gumawa ng mabuti sa kapwa at maging bahagi ng isang damdaming pambansa na batay sa ating kultura at mga mabuting kaugalian.

Ngunit matapos ang tatlong araw, aarestuhin si Rizal at hindi niya maisasakatuparan ang kanyang pagkilos sa pagbubuo ng bansa. Magagawa na niya ito nang itapon siya sa Dapitan. Nanalo sa loterya, bumili ng ari-arian doon ngunit hindi ipinagdamot at nagbigay ginhawa pa sa iba—tila naging *one-man* NGO na nagturo ng kabuhayan ng pagaabaka at pangingisda sa mga taga-Dapitan at nanggamot at nagturo din ng libre doon. Ipinakita niya ang kapangyarihan ng isang indibidwal na mabago ang bayan at bigyan ng inspirasyon ang iba na maging produktibo.

Isang araw matapos arestuhin si Rizal, 7 Hulyo 1892, isa sa mga kasapi ng La Liga Filipina na si Andres Bonifacio ang kumilos at nagtatag ng Kataastaasang Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK o Katipunan). Ang Katipunan ay lalago matapos ang apat na taon at ito ang unang maggagalaw ng himagsikan noong Agosto 1896. Ngunit, marami nga ang nagsasabi na ang Katipunan ay samahan ng mga bobong masa at walang ibang nais kundi maging marahas, bayolente. Na ito ay lumaganap lamang sa rehiyong Tagalog at ang tagapagtatag nito ay isang bobong bodegero na walang konsepto ng bansa.

Kung titingnan ang mga sulatin na inilabas ng Katipunan, ito ang pagbubuod ng kanilang konsepto ng bansa: Maraming bayan sa kapuluan ngunit mayroong Inang Bayan, at lahat tayo ay magkakapatid bilang mga Anak ng Bayan batay sa sinaunang ritwal ng sandugo na siyang nagkakaisa at nagbubuo sa mga bayan noong sinaunang panahon bago ang kolonyalismo. Na hindi lamang tayo mamamayan o sa Kanluraning konsepto, *citizens*, kundi magkakapatid.

Ayon sa limbag na edisyon ng Kartilya, "Dito'y isa sa mga kauna-unahang utos ang tunay na pag-ibig sa bayang tinubuan at lubos na pagdadamayan ng isa't isa." Hindi karahasan at pagpatay kundi pag-iibigan sa isa't isa ang pangunahing aral ng Katipunan. Ang kalayaan ay hindi lamang isang nakasulat na mga karapatan sa isang konstitusyon, kundi isang estado ng buhay na may "kaginhawaan."

Tama nga naman, malaya ka nga at may karapatang bumoto ngunit kung hindi ka naman kumakain ng tatlong beses sa isang araw hindi ka pa rin tunay na malaya. At upang matamo ang kaginhawaan para sa mga sinaunang Pilipino, naniniwala siyang dapat mabuti at matuwid ang kanyang kaluluwa at malinis ang kanyang kalooban.

Ayon kay Jacinto, sa kanyang "Pahayag"—ang kalayaan ay kung maghahari sa puso at isipan ng bawat tao ang higit na kabutihan ng lahat. Walang kalayaan kung maghahari naman ang masamang kalooban. Muli, tulad ng kay Rizal, ang pagkabansa ay nagsisimula sa ating mga kalooban. Mas maliwanag nga lamang ang nais ng Katipunan tulad nang makikita sa limbag na edisyon ng Kartilya ni Jacinto: pagkakaisa ng lahat ng mga nasa kapuluang ito upang magkaroon ng daang matuwid at maliwanag:

*Ang kabagayang pinag-uusig ng katipunang ito ay lubos na dakila at mahalaga; papagisahin ang loob at kaisipan ng lahat ng tagalog (*) sa pamagitan ng isang mahigpit na panunumpa, upang sa pagkakaisang ito'y magkalakas na iwasak ang masinsing tabing na nakabubulag sa kaisipan at matuklasan ang tunay na landas ng Katuiran at Kaliwanagan.*

Sandali, baka nagagalit na ang mga Bisaya, kasama ba kami dyan? E bakit rehiyong tagalog lamang ang binanggit ni Jacinto. Mapapansin ang *asterisk* sa salitang Tagalog, nag-footnote pala ang lolo niyo:

*(*)Sa salitang tagalog katutura'y ang lahat nang tumubo sa Sangkapuluang ito; samakatuwid, bisayà man, iloko man, kapangpangan man, etc., ay tagalog din.*

Tagalog para sa kanila ay taga-ilog, pagtukoy na tayong mga Pilipino ay may kultura sa paglalayag at ang halaga ng mga ilog at dagat noon sa ating lumang kabihasnan.



More Opinion Videos

## Related photos


Andres Bonifacio's 150th birth anniversary rites


Rizalistas in Quezon pay tribute to national hero Rizal


NHCP preserves clothes worn by Rizal in Madrid


Dr. Jose Rizal honored on his 152nd birth anniversary


Caloocan celebrates PHL's 115th Independence Day


PNoy at 115th Independence Day rites


All set for Independence Day celebrations


PNoy leads 116th anniversary rites of Rizal's martyrdom

More Photos

advertisement advertisement


















Kung National Hero natin si Rizal, hindi ba't nararapat na ituring si Bonifacio na Ama ng Sambayanang Pilipino, sa pagkakaroon ng malinaw na konsepto ng kung ano dapat tayo bilang isang bansa. Ang tawag niya sa kanyang pamahalaan ay Haring Bayang Katagalugan. Taliwas sa paniniwala ng iba na ang Haring Bayan ay tumutukoy sa pagkahari ni Bonifacio, malinaw ang kanyang pagkapangulo sa Haring Bayan na nagsasabi na ang Hari ay ang Bayan—*power to the people, sovereignty of the* bayan!

Magkaiba man ang dalawang itinuturing na bayani na ito, at kung minsan ay nasasarapan tayong pagsabungin, atin ding alalalahanin na kumakatawan ang kanilang kwento ng iba't ibang anyo ng pagmamahal sa bayan, anuman ang ating katayuan sa buhay; at sa iisang mensahe na ang pagkabansa ay nabubuo sa ating desisyon na kumilos upang makialam at bigyan ng ginhawa ang bayan.

Kaya sa muling pagsasadula ng paglilipat ng mga buto ni Rizal mula Binondo, dadaan ng Ayuntamiento sa Plaza Roma ng Intramuros, patungong Luneta Linggo ng umaga, 30 Disyembre 2012 na pangungunahan ng National Historical Commission of the Philippines at ng International Order of the Knights of Rizal na magsisimula sa ganap na 4:00 am sa harapan ng Binondo Church, ating alalahanin na pag-alala ito sa tanging disenteng libing para kay Rizal. Ang muling pagsasadula na ito ang tanging pagkakataon na tayo ay magkakaroon ng tila espirituwal na paglilibing sa ating National Hero bilang isang malayang bansa.

Si Rizal at Bonifacio, hindi man masasabing relihiyoso, ay nagpakita sa atin ng malalim na anyo ng espirituwalidad na mabubuod sa mga kataga ng Supremo—Mahalin ang Diyos ng taos sa puso at alalahanin na ang tunay na pagmamahal sa Diyos ay ang pag-ibig sa bayan at sa kapwa tao.

Pook Amorsolo, UP Diliman, 29 Disyembre 2012

*Si Michael Charleston "Xiao" Chua ay Kawaksing Propesor ng Kasaysayan sa Pamantasang De La Salle Maynila at Deputy Commander ng Sucesos Chapter ng International Order of the Knights of Rizal.*

**Tags:** Rizal

Recommend 351

0

## We Recommend

De Lima: Mga nakatanggap ng mahigit P50M mula kay Napoles, unang kakasuhan (News)

Duterte, bakit 'namamasada' ng taxi sa gabi sa Davao City? (News)

Sen. Guingona kay Musa: 'Ang labo mong kausap' (News)

COA report reveals identities of 2 new senators involved in PDAF scam (News)

GIVE ME FIVE featuring Carla Abellana (Entertainment)

## From around the web

Hong Kong do guides..WATCHES (Cathay Pacific)

Israeli Soldier Is Lured to West Bank and Killed (The New York Times)

America's Sinking Middle Class (The New York Times)

Hong Kong do guides..WONTON NOODLES (Cathay Pacific)

US Sending F-16s To Egypt - Topic A: Defense (Roll Call)

Recommended by

Working in Australia?
au.jobrapido.com/Brisbane
Everyday 2,000 job offers online. Find a Job in Brisbane Now!

Is Jesus God?

Searching For Bargains?

Sulit Deals up to 90% Off

4 Signs of a Heart Attack

We welcome healthy discussions and friendly debate! Please click Flag to alert us of a comment that may be abusive or threatening. Read our full comment policy here.

AROUND THE WEB

Pastor Reveals 7 Shocking Biblical Truths on Investing Moneynews

A 101 Year Old Marathon Runner Shares His Secret To ... Athletic Greens

Chemist Exposes Hidden Truth about Aspirin The People's Chemist

7 Tips for More Facebook Page 'likes' Kuno Creative

ALSO ON GMA NEWS ONLINE WHAT'S THIS?

Sotto: Jinggoy may expose bigger 'pork' issue in speech ... 222 comments

'Filipino spirit' or Brazilian boy? UP student faces ... 67 comments

UP student apologizes for plagiarizing ... 102 comments

UP student apologizes to owner of photo he stole to win ... 84 comments

4 comments ★ 3

Leave a message...

Newest Community Share

Oxo Greengroup • 5 months ago

THEY FOUGHT FOR THEIR FREEDOM. FIGHT FOR YOURS NOW.

Reply Share ›

Oxo Greengroup • 5 months ago

The people mentioned here were long passed gone. I'm still wondering why you are going back to their past and live them in your future? These people fight for their rights in the past. You have your own rights now. You should aim for a better future with going back to the passed. Now i believed really that time machine is true. IN PEOPLE'S MIND AND CULTURE.

Reply Share ›

BagongBayani3000 • 7 months ago

Maganda at makabuluhang pagsasaad/paglathala ng ating mga Bayani!

Ika sa wikang ingles "Different perspective"

Reply Share ›

Flip_Nas • 9 months ago

Matalino si Rizal at siya na siguro ang pinaka-henyo na naitala sa kasaysayan ng Pilpinas

Subalit dahil kay Rizal, kaya kumapit na sa ating mga Pilipino ang katagang pagiging "martir" !Ang pagiging masakripisyo, mapagbigay, at mapagpaubaya.

Kaya pati sa ating pambansang awit na Lupang Hinirang, nasulat ang "... ang mamatay ng dahil sa 'yo." na negatibo para sa iba. Na para bang tinatanggap na talaga ng mga Pilipino na sa huli mamatay tayo - talunan (loser).

Matagal ng ipinaglalaban ng mga maka-Andres Bonifacio na dapat si Andres Bonifacio ang ating naging pambansang bayani!

Kung nagkagayon, dapat sana ang nasulat sa ating pambansang awit ay ang "...ang pumatay ng dahil sa 'yo." na isa raw positibo, at pagiging palaban ng mga Pilipino para sa bayan !

:D

1 Reply Share ›

Subscribe Add Disqus to your site

**About GMA News Online**
About Us
Contact Us
Advertise with Us

**News**
News
Ulat Filipino
Pinoy Abroad

**Multimedia**
Videos
Photos
Radio--DZBB

**GMANetwork.com**
Entertainment
Artist Center
Community

All Rights Reserved 2013
© GMA Network Inc.

Careers
Privacy Policy

**On TV**
GMA-7 Shows
GMA News TV Shows
TV Schedule
YouScoop

Sports
Opinion
Showbiz
Economy
SciTech
Lifestyle
Humor
Community Bulletin Board
2013 Elections
2013 Election Results
Philippine Basketball Association
UAAP

**Stay Connected**
RSS Feed
Mobile

**Tools**
Search
Stories
Job Classifieds
Biz Classifieds

International
Radio
Films
Records
Kapuso Foundation
Corporate

**GMA News Online**

?